Pagpapadala ng Pera sa Kapamilya at mga Kaibigan sa Ibang Bansa

Gusto mong magpadala ng pera sa isang taong nasa ibang bansa. Minsan, tinatawag itong pagwa-wire ng pera. Ang pagwa-wire ng pera ay katulad lang ng pagpapadala ng cash.

Bago ka mag-wire ng pera

Ang isang negosyong nagwa-wire ng pera para sa iyo ay naniningil ng bayarin upang ipadala ang perang iyon. Bago ka magbayad upang magpadala ng pera, itanong sa negosyo ang mga ito:

- Magkano ang matatanggap ng aking kapamilya o kaibigan?
- Dolyar ba ng Estados Unidos o lokal na pera ang matatanggap ng aking kapamilya o kaibigan?

Isulat ang impormasyong ito. Bumisita sa ilang negosyong nagwa-wire ng pera sa ibang bansa. Ihambing ang gastos sa isang negosyong nagwa-wire ng pera sa isa pa. Maaaring maningil ng ibang presyo ang bawat negosyo. Kung ayaw sagutin ng negosyo ang mga tanong na ito, isaalang-alang ang paglipat sa ibang negosyo.

Kapag pumili ka ng negosyong nagwa-wire ng pera na gagamitin mo, tiyaking ang gastos ay kung ano ang sinabi sa iyo ng negosyo. Pagkatapos mong ipadala ang pera, itago ang iyong resibo. Kakailanganin mo ito kung sakaling magkaroon ng problema.

Pagkatapos mong mag-wire ng pera

Alamin kung natanggap ng iyong kapamilya o kaibigan ang perang ipinadala mo. Alamin kung natanggap nila ang tamang halaga. Kung hindi nila natanggap ang halagang ipinadala mo, i-ulat ito kaagad:

- Una, i-ulat ito sa negosyong nagwa-wire ng pera.
- Pagkatapos, kung hindi malutas ng negosyo ang problema, i-ulat ito sa Federal Trade Commission. Tumawag sa 1-877-382-4357 o pumunta sa ftc.gov/complaint.

Ginawa sa pakikipagtulungan sa The Appleseed Foundation
Federal Trade Commission | ftc.gov